

1

Aburidong binusinahan ni Kharrie ang sasakyan sa kanyang unahan. Nagbago na ang ilaw ng trapiko pero hindi pa rin ito umuusad mula sa kinalalagyan. Habol niya noon ang oras; kinakailangan niyang magmadali dahil kung hindi ay lalo lang siyang mahuhuli sa pagbabasa ng dokumento ng kanyang papa.

Nagbadyang tumulo ang kanyang luha nang maisip ang ama. Silang dalawa na lang kasi nito ang magkasama sa buhay. Wala siyang kapatid at matagal nang namayapa ang kanyang ina. Dahil nag-iisang anak ay lumaki siyang spoiled sa ama kaya naman ngayong wala na ito, pakiramdam niya ay mag-isa na lang siya sa mundo.

Palibhasa ay medyo ma-traffic kaya inabot pa ng halos tatlumpung minuto bago niya narating ang opisina ng Ninong Albert niya na siya ring abogado at matalik na kaibigan ng kanyang papa.

Pagdating na pagdating niya ay agad siyang iginiya ng sekretarya nito papasok sa pinto at sinabing naroon na ito at kanina pa naghihintay sa kanya.

“Ninong Albert, I’m so so—”

Napahinto si Kharrie mula sa tangkang pagpapaliwanag sa matanda nang mapansing hindi ito nag-iisa. Mabilis na lumipad ang tingin niya sa mukha ng lalaking kagyat na lumingon sa gawi niya nang makita siyang pumasok.

Bahagya pa siyang nagulat nang makaramdam siya ng kakaibang kurot nang makita ito. Matagal-tagal ding panahon ang lumipas mula nang huli niya itong makita ngunit marahil ay patunay lamang iyon na hindi pa rin nabubura ng nagdaang dalawang taon ang nararamdaman niyang galit para rito.

“What do you think you’re doing here?” tahasang tanong niya sa lalaki nang makabawi sa pagkakabigla.

“Nice to see you too, Kharrie,” bati nito sa malalim na boses at inignora lang ang hostility na ipinakita niya.

Lihim na pinasadahan niya ito ng isang mabilis na tingin. He still had those same brooding hazel eyes, thick eyebrows, aristocratic nose and thin lips complementing his arrogant yet undeniably handsome face. Kung may nagbago man dito, iyon ay ang pagkakaroon nito ng maturity na lalo lang yatang nakadagdag sa dati nang nakakaintimida at

malakas nitong personalidad.

Nagbago man nang kaunti ang hitsura nito mula nang huli silang magkita ay ito pa rin ang tao na labis na inaasahan niyang hindi na sana niya makikita pang muli kahit kailan.

Yasser Hough.

“I see some things just don’t change. We’ve been waiting here for ages, Kharrie,” umiiling-iling na saad nito.

Lalong nagsalubong ang mga kilay niya sa sinabi nito. Kasalanan ba niya kung ma-traffic sa daan papunta roon? Tatarayan na sana niya ito ngunit bago pa man siya makapagsalita ay narinig na niyang malakas na tumikhim ang kanyang inaama para kunin ang atensyon nila.

“Well then, I guess now that everyone’s here, perhaps I can start reading Miguel’s last will and testament,” pumapagitnang sabi nito bago bumaling sa kanya. “Why don’t you sit down, Hija?”

“Wait, what does *he* have to do with this?” takang tanong niya sa matanda, si Yasser ang tinutukoy.

“That’s what you’re about to find out, Honey,” kaswal na sagot ng lalaki.

“Excuse me, am I talking to you?” agad na pambabara niya rito.

“You know, the sooner we get this over with, the sooner we can get out of each other’s hair. So why don’t you just stop being stubborn and sit down?”

Pakiramdam ni Kharrie ay umuusok na ang ilong niya sa labis na pagkairita. Hindi sana niya palalagpasin ang paninita nito sa pero nang masulyapan niya ang kanyang Ninong Albert na nagpapalit-palit ang tingin sa kanilang dalawa ay inalihan siya ng hiya. Ayaw niyang gumawa ng eksena sa harap nito kaya atubiling tumahimik na lang siya at padabog na naupo sa silyang nasa harap nito.

“Can I start now?” her godfather asked, amused.

Napabuntong-hininga na lang siya at pagkuwa ay tumango. Nang sinimulan nito ang pagbabasa ng mga dokumento ay iniwasan na lang niyang tingnan ang lalaking nakaupo sa tapat niya. Ngunit hindi pa man tuluyang natatapos ng inaama ang binabasang mga papeles sa kanila ay nagsalita na siya.

“No. No, no, that can’t be true. There must be something amiss here. Please tell me you have the wrong documents, Ninong.”

“No, Hija. There’s no mistake here. This is your

father's authentic last will and testament signed by him himself. I was there," malumanay na sagot nito.

"B-but I... I don't understand."

"Miguel said he wanted to leave the company to someone he can trust, someone who knows his sure-fire way around it. You haven't exactly showed your father that you have any interest in the company, Kharrie, and he was left with very little choice."

Hindi siya agad nakasagot sa sinabi nito at pagkuwan ay blangkong tiningnan lang niya ang mga papeles na nasa harap. Hindi makapaniwalang ibig nang maiyak ni Kharrie sa pinaghalong sama ng loob at pagkadismaya sa natuklasan.

Hindi sapat ang sabihing nagulat siya nang malaman niyang isang kapat na bahagi lamang ng kompanya ang naisalin sa pangalan niya sapagkat ibinenta na pala ng ama ang iba pa kay Yasser noong nabubuhay pa ito.

Alam ng ama kung gaano niya kinasusuklaman ang lalaki, kaya bakit nito kinailangang gawin iyon? Bakit hindi man lang ipinaalam ng kanyang papa sa kanya na ibinenta na pala nito ang shares nito sa kompanyang sariling dugo at pawis nito ang ipinuhunan? At kay Yasser pa mismo!

Oo nga at wala siyang alam sa pagpapatakbo niyon pero hindi ba niya puwedeng pag-aralan iyon? Bakit kailangang dito at hindi sa kanya mapunta nang buong-buo iyon samantalang siya ang nag-iisang tagapagmana ng kanyang ama? Ganoon ba talaga kaliit ang tiwala nito sa kanya?

Parang gusto niyang magdamdam sa kanyang papa at mag-amok sa kanyang natuklasan ngunit alam niyang wala ring magagawa ang anumang pagpoprotestang gawin niya dahil gaano man kahirap para sa kanyang aminin, kailangan niyang tanggapin ang katotohanang hindi naman talaga naiiba si Yasser sa kanila.

Because until two years ago, he was her father's esteemed son-in-law.

And in truth, even up until this very day, she was still Mrs. Kharrie Laurel-Hough, his wife.

“Welcome back, Yasser,” mahinang sabi niya sa sarili bago binuksan ang tarangkahan ng malaking bahay na nasa harap niya.

Nang tuluyang makapasok ay inilibot niya ang paningin sa buong paligid at hindi na siya gaanong nagulat pa sa nadatnang hitsura niyon.

Nagtataasan ang mga damong nakapaligid sa buong kabahayan at may ilang halamang nagsimula nang umakyat paikot sa mga barandilya ng hagdan at trellis sa harapan. Nangingitim din ang mga bintana niyon dahil sa kapal ng alikabok. Halatang napabayaang iyon nang matagal-tagal ding panahon.

Nonetheless, it still had a distinct and noticeable appeal to it.

The two-storey French-inspired country house built at the center of a wide lot perching on the top of a cliff boasted a spectacular view of the city below and the ocean nearby. Its European character was enhanced through the use of stucco and stone on the exterior, giving it its unique charm and beauty.

Kakaunti na lang sanang panahon at matatapos na iyon noon ngunit pinahinto niya ang pagpapagawa ng bahay nang lumisan siya patungong ibang bansa.

Nang magpasya siyang umalis ng Pilipinas noon ay inakala niyang matatagalan pa bago siya muling makabalik. Ngunit nitong nakaraang linggo lang ay nakatanggap siya ng tawag mula kay Atty. Acharon, pinapauwi siya para sa isang mahalagang bagay matapos nitong ipaalam sa kanya ang pagpanaw ng isang taong labis na nirerespeto at tinitingala niya.

Don Miguel Laurel.

Labis na ikinagulat niya ang kaalamang iyon dahil dalawang buwan lamang bago niya natanggap ang balita ay personal na sinadya pa siya ng matanda sa Moscow para ibenta sa kanya ang isang malaking bahagi ng kompanya nito sa lubhang napakaliit na halagang alam niyang hindi man lang aabot sa kalahati ng tunay na halaga niyon.

Yasser promptly thought of how to refuse it without disrespecting the old man but the mention of his daughter's name effectively helped him change his mind.

Kharrie.

Bago siya umalis noon ay nangako siya sa sariling babalik siya isang araw para rito at sisiguruhin niyang hindi na niya ito pakakawalan pang muli.

Marahil ay iyon na ang tamang pagkakataong matagal na niyang hinihintay.

2

Four months later...

Mula sa bahay ng matalik na kaibigang si Georgie ay napagpasyahan ni Kharrie na dumaan na muna sa mall bago umuwi. Wala naman siyang gagawin sa condo niya kundi matulog, mag-*Internet*, manood ng TV o di kaya ay manood ng mga DVD maghapon.

Habang naglilibot sa loob ng mall ay napadaan siya sa boutique ng isang kilalang international brand at isang partikular na bag na naroon ang nakakuha ng kanyang buong atensyon.

Palibhasa lumaking may-kaya sa buhay, nakasanayan na ni Kharrie na kung ano ang kanyang maibigan ay kaagad na nakukuha.

Hindi na siya nag-abala pang tingnan ang presyo niyon at agad nang ibinigay sa saleslady ang kanyang credit card para ipabalot iyon. Habang naghihintay ay tumingin-tingin siya sa iba pang naka-display roon para abalihin ang kanyang sarili.

“Ma’am? I’m sorry but it appears your credit card has been denied,” magalang na pukaw sa kanya ng kahera.

“Denied? I’m sorry. There has to be some mistake. Could you please run another check on it, Miss? Baka may problema lang sa machine,” malumanay na sabi niya.

The cashier made another check and sure enough, it was denied. As were her three other cards. Baffled, she took out her wallet and chose to pay for the item in cash instead.

Mabuti na lang at may dala siyang pera kaya lang ay halos nasaid naman ang laman ng pitaka niya sa presyo ng bag na binili niya. Hindi naman kasi talaga niya ugaling magdala ng ganoon kalaking halaga. Di bale, magwi-withdraw na lang siya mula sa ATM card niya.

Habang nakapila sa harap ng machine ilang minuto makalipas ay hindi pa rin maiwasang maalis sa isip ni Kharrie ang nangyari. Nakapagtataka kasing ni isa sa mga credit cards niya ay walang gumagana kaya naisip niyang tawagan ang mga bangkong may hawak ng mga iyon para magtanong tungkol doon pagdating na pagdating niya sa bahay.

Nang dumating ang pagkakataon niyang gamitin ang cash machine ay lalong nagulat si Kharrie nang pati ang ATM card niya ay ayaw gumana. Sinubukan niya ang dalawa pa niyang natitirang cards pero

ganoon din ang kinalabasan ng mga iyon. Nang subukan niyang gamitin ang isang ATM card na personal na binuksan niya noon ay kataka-takang ang nag-iisang card na iyon lamang ang gumana sa lahat.

Pagdating sa kinapaparadahan ng kanyang sasakyan ay agad niyang inilabas ang cellphone at tinawagan ang kanyang inaama.

“Ninong Albert, it’s Kharrie. May problema po yata sa mga accounts ko, eh. I can’t access all of my credit cards as well as my ATM cards. Do you know anything about this?” agad na bungad niya nang sagutin nito ang tawag.

“Yasser’s the one you should talk to about it, Kharrie. I don’t have access to those,” paliwanag nito. Dinig niya mula sa kabilang linya ang mga kaluskos na nililikha nito na tila nagmamadali at agad na kinumpirma nito ang hula niya nang muli itong magsalita.

“I’m sorry, Hija, but can I just call you back? I’m on my way to a very important meeting with a client. I’m really sorry. You should go talk to Yasser.”

Nang matapos ang tawag mayamaya pa ay tigagal na tiningnan lang niya ang screen ng kanyang cellphone.

Yasser?

Nang tuluyang maunawaan ang ibig sabihin ng inaama ay awtomatikong kumulo ang kanyang dugo at uminit ang ulo. Dapat ay nahulaan na niyang may kinalaman na naman ang lalaking iyon sa nangyari.

Hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa. Pabagsak na isinara niya ang pinto ng kanyang sasakyan at mabilis nang umalis sa lugar na iyon.

Alam na niya ang dapat niyang gawin.

“You better have a seriously damn good explanation for all of this, Hough,” galit na bungad ni Kharrie kay Yasser nang mapasukan niya ito sa loob ng dating opisina ng kanyang ama. Pagkatapos ng natuklasan niya ay hindi na siya nagdalawang-isip pang sumugod doon para komprontahin ito.

Noong magtapos siya ng kolehiyo ay isinalin ng ama sa kanyang pangalan ang twenty-five percent na bahagi ng kompanya bilang regalo nito sa kanya. Iyon ang dahilan kung bakit hindi nito nagawang ibenta iyon nang buo kay Yasser dahil sa kanya na nakapangalan ang isang kapat na bahagi niyon.

Noong nabubuhay pa ang kanyang papa ay hindi

siya obligadong magtrabaho sa opisina kapalit ng pananatili niyang pagtira sa bahay nila sa halip na sa condo niya at dahil sa pagkakaroon niya ng shares ay may tinatanggap siyang monthly allowance mula sa kompanya. Ngayong wala na ang kanyang ama ay responsibilidad ni Yasser ang ibigay ang monthly allowance na iyon para sa kanya.

The only consolation she had from that situation was the fact that she didn't need to meet him personally because the money would automatically be wired to her account by the end of every month. The arrangement was hugely favorable to her because she didn't need any reason to see him again. Well, not until now.

“Kharrie! What a pleasant surprise. To what do I owe this special visit from you?” nakangiting bati nito sa kanya, kung makaasta ito ay parang wala itong ginawa.

“Cut the bullshit, Yasser, and tell me why in the world can't I access my cards?”

“Oh, that? You're grounded, Kharrie,” balewalang sagot nito sa kanya na parang ganoon lang kasimpleng bagay ang pinag-uusapan nila.

“What? Grounded? Are you kidding me? What do

you take me for? A teenager who needs her mommy to tell her what and what not to do? You can't do that! Sino ka ba sa akala mo?" puno ng galit na sunud-sunod na tanong niya rito.

"Well, I'm sorry to tell you this, Honey, but I have all the rights."

"No, you don't! The will specifically said I have an allotted amount of money that should be wired to my account monthly."

"You do. It's just inaccessible for the time being, and it'll remain frozen until further notice."

Maang na napatingin siya rito. Sa pakiwari niya ay parang bigla itong tinubuan ng dalawang sungay sa ulo habang pinagmamasdan niya itong prenteng nakaupo sa swivel chair at nakakaloko pang nakangiti sa kanya. She was twenty-five years old for God's sake, and yet he was grounding her? Nagbibiro ba ito?

"Why the heck are you doing this?"

"Because whether you like it or not, you are temporarily dependent on me now."

"You are not my guardian!"

"I'm sorry to disappoint you but technically, I am. You know, I get it, Khar. You grew up spoiled

and pampered, almost always getting everything you want in the blink of an eye and never having to work a single day in your life. But you know you can't continue living like that forever. Your father may have spoiled you rotten but I'm telling you now, it can't be that way with me. Hindi puwede sa akin ang ganoong sistema. And as I have observed, you've been spending excessively on insignificant things for the last four months, Honey, and I say it duly calls for disciplinary action."

"Disciplinary action, my ass! Unang-una, wala kang karapatang manghimasok at pangalawa, wala kang pakialam kung anuman ang gusto kong gawin sa buhay ko. Sino ka ba sa akala mo?" angil niya.

"The last time I checked, I was and still am your husband," kaswal na sagot nito.

Kaagad na nagpanting ang mga tainga niya sa sinabi nito. "Oh, husband? As far as I'm concerned, you've already lost every right to call yourself that title when you cheated on me with that girl two years ago, Yasser."

"Khar, I've nev—"

"Liar!" mariing putol niya sa ano pa mang sasabihin nito. "After all this time, you still dare lie

to me? Wow. You have got some nerve, Yasser. Bilib din naman talaga ako sa 'yo," sarkastikong saad niya. Hindi na niya napigilan ang sarili at tuluy-tuloy na lang siyang nagsalita.

“How many times have you actually cheated on me behind my back? One, two, five? Mabuti na lang 'ka mo at nalaman ko nang mas maaga dahil kung hindi ay tumagal pa sana na pinagmumukha mo 'kong tanga. I don't know what my father was thinking entrusting you with everything when you're clearly someone who couldn't be trusted in the first place. Kudos for having my father's sympathy but you should know I could never learn to forgive you. Seeing your face just reminds me of how big a mistake you've been in my life and how useless I am as a woman.”

Nang sulyapan niya ito ay nakita niya ang dagling pagbabago ng ekspresyon nito sa narinig na sinabi niya. She thought she saw hurt and regret pass through his eyes as he looked at her but when he blinked and opened his eyes again, she saw no emotion in them. Blangko ang ekspresyon nito nang muling magsalita kaya napatunayan niyang guni-guni lang ang inakala niyang nakita niya kani-kanina lang.

“Okay. I'll have your assets unfrozen, Khar,” he

said flatly. “But on one condition.”

Hindi na niya ikinagulat pa ang sinabi nito. Kabisado na niya ang lalaki noon pa man. Inaasahan na niyang hindi ito basta-bastang papayag sa gusto niya nang walang anumang kondisyon kaya tinaasan lang niya ito ng kilay bilang sagot at hinintay ang susunod na sasabihin nito.

“Don’t worry. It’s not that hard. Prove to me you’re worthy and you’ll have them back immediately,” patuloy nito.

“And how do you suggest I do that?” she asked audaciously, completely unaware of what she was about to get into.

Hindi ito agad na sumagot sa kanya at sa halip ay tiningnan lang siya nang mataman.

Nagsisimula na siyang makaramdam ng pagkailang sa paraan ng pagkakatitig nito sa kanya. Ngunit nang makita ang unti-unting pagsungaw ng isang makahulugang ngiti sa mukha nito bago ito muling nagsalita ay saka lang siya nakaramdam ng totoong kaba.

“It’s easy, Honey. You just have to work for me.”

3

Pansamantalang inilayo ni Kharrie ang tingin mula sa pinapanood upang matamang pag-aralan ang lalaking katabi niyang nakahiga sa sofa bed sa loob ng living area ng condo unit niya.

She propped her head on one elbow to study his profile carefully and decided Francois was really one heck of an attractive man. She even personally thought he was every girl's ultimate dream guy. Successful, handsome, rich, intelligent... Almost all the traits a girl could ask for could be found in him. He was almost the ideal guy. Well, almost. Because despite all the seemingly perfect attributes was one colossal flaw.

Francois was a hundred and one percent gay.

Ngunit hindi tulad ng ibang naglantad na sa publiko, lingid sa nakararami ang tunay na katauhan nito. Kakaunti lamang ang nakakaalam at isa nga siya sa mga taong iyon. Sa katunayan, mapagkakamalan talaga itong isang tunay na lalaki.

Nakakalokong ngumisi siya habang pinagmamasdan ito at biglang nakaisip ng kapilyahan.

“France, ang guwapu-guwapo mo talaga,” she said, playfully running a finger across the bridge of his nose. “Is there ever a chance you’d become straight and invite me to move in with you?”

Agad na tinampal nito ang kamay niya palayo at kunwa’y kinagalitan siya. “Luka-luka ka talaga kahit kailan! Tumahimik ka nga riyan, Kharrie. Kinikilabutan ako sa mga pinagsasasabi mo, eh.”

Ngunit hindi pa rin siya nagpaawat. Pilyang inabot pa niya ito at pagkuwa’y pabirong kinagat sa tainga. Doon na siya tuluyang napahagalpang ng tawa nang mabilis itong tumayo para dumistansya mula sa kanya na tila diring-diri.

“Yuck! Puwede ba, Kharrie! Hindi tayo talo.”

“Ito naman. Para naglalalambing lang, eh,” natatawa pa ring sagot niya.

“Naglalalambing!” eksaheradong anito at pagkuwa’y ngumiwi pa. “Palibhasa kasi matagal ka nang tigang kaya ako ang pinag-iinitan mo riyan. You know, if I were you, I’d go get my gorgeous husband, pretend I have amnesia, forget two years have passed and just shag him senseless.”

Muntik na siyang mabulunan sa sinabi nito. “Sira-ulo ka talaga. You know I’d rather face the devil

himself than be his apprentice.”

Tinaasan lang siya nito ng kilay na waring hindi naniniwala. Sasagot pa sana ito ngunit noon biglang tumunog ang doorbell at nakarinig sila ng mga katok mula sa pinto ng unit niya.

“That must be the food. I ordered in for us earlier para may brunch tayo. The money’s on top of the table,” maagap na sabi niya.

Tiningnan niya ang pinto pagkuwan ay muling bumaling kay Francois at binigyan ito ng isang matamis na ngiti bilang tahimik na pakiusap na ito na ang sumagot niyon. Bahagya pa siyang natawa nang itirik nito ang mga mata bago tinungo ang direksyon ng pinto. Hindi na siya nag-abalang tumayo mula sa pagkakahiga. Gumulong siya patagilid at niyakap ang isang unan bago bumalik sa panonood ng pelikula.

“Kharrie,” narinig niyang tawag ni Francois sa kanya mayamaya. Hindi pa siguro nakakaalis ang delivery boy kaya boses-lalaki ang ginamit nito sa kanya.

“I told you, the money’s on top of the table. Leave the food in the kitchen and come back here on the bed. You’ll miss the good part,” aniyang hindi lumilingon dito.

“Kharrie...”

Napansin niyang tila hindi ito mapakali sa tono ng boses nito.

Ano ba talaga'ng problema ng baklang 'to?

Tinatamad na gumulong siya paharap at tumingala rito. Agad niyang napansin ang kakaibang ekspresyon nito sa mukha.

“What?”

Bago pa man makasagot ang kaibigan ay nakuha na ng isang malaking bultong humakbang palapit sa tabi nito ang atensyon niya at isang nagbabantang tingin ang sumalubong sa kanya nang ibaling niya ang paningin sa dumating.

Standing right beside Francois and staring down at her was an obviously displeased and furious Yasser.

Dali-dali siyang bumangon mula sa pagkakahiga. Hindi niya alam kung bakit kailangang ganoon ang maging reaksyon niya pero bigla na lang siyang inalihan ng hiya nang pasadahan siya nito ng isang nang-uuring tingin mula ulo hanggang paa. Disente naman ang shorts at tank top na suot niya pero kung tingnan siya nito ay parang ang sagwa ng suot niya. Pilit na isinasantabi niya ang nararamdamang

pagkailang at taas-noong hinarap ito.

“Ano’ng ginagawa mo rito?”

Sa halip na sumagot sa kanya ay binalingan nito si Francois. “I need to be alone with Kharrie. Do you mind stepping out?” prangkang utos nito.

Nanlaki ang mga mata niya sa hayagang pagpapaalis nito sa kaibigan. Kahit si Francois ay halatang nagulat nang sulyapan niya ito.

Pero dagli itong nakabawi. “N-no, I understand. Kharrie—”

Agad niyang pinutol ang sinasabi ng kaibigan. “No, Francois. You’re staying here,” aniya bago binalingang muli si Yasser. “Ano ba’ng karapatan mong paalisin ang bisita ko? I didn’t even invite you in. As far as I know, you’re the unwanted one here. Kaya kung meron mang kailangang umalis dito, ikaw iyon.”

“Make me, Honey,” aroganteng hamon nito.

Sisinghalan na sana niya ito ngunit mabilis nang pumagitna si Francois sa kanilang dalawa.

“Ah, Kharrie, it’s okay. Nakalimutan kong magkikita pa nga pala kami ni Larry ngayon. I should really get going. I’ll see you next time.” Lumapit ito

at humalik sa pisngi niya at pasimple pang bumulong ng, ‘Good luck Girl,’ sa kanya.

Abut-abot ang pagpipigil niyang huwag sabunutan si Francois. Ang baklita! Iiwan siya sa ere nang ganoon-ganoon lang? Dumating lang ang bakulaw na si Yasser, natakot na ito. Matapos magpaalam kay Yasser na ginantihan lang ng huli ng isang malamig na tingin ay nasundan na lang niya ito ng tanaw nang tuluy-tuloy na itong lumabas ng unit niya. Napabuntong-hininga siya.

“Miss him already?” ani Yasser nang maiwan silang dalawa.

Tiningnan lang niya ito nang masama na tila balewala lang naman dito. Tinapunan nito ng isang malisyosong sulyap ang sofa bed sa likod niya bago tumingin sa kanya.

“Nice bed. Were you expecting something else to happen if I hadn’t come? I’m so sorry for interrupting a very private moment between you two,” sarkastikong hayag nito.

Hindi siya tanga para hindi maintindihan ang ibig nitong sabihin. Wala nga naman itong alam sa totoong relasyon nila ni Francois kaya ito nakarating sa ganoong konklusyon. Marahil ay isang malaking

sampal para rito ang isiping ginagawa niya ang sarili nitong mga gawain. Ang magnanakaw ay galit sa kapwa magnanakaw.

Sa halip na pasubalian ang sinabi nito ay tiningnan niya ito ng masama.

“You’re sorry? Cut the bull, Yasser. I know you’re not.”

Ngumisi ito. “Oh wait, you’re right. I’m not.”

“Bastard,” tiim-bagang na saad niya. “Ano ba talaga’ng ginagawa mo rito?”

Hindi agad sumagot ang lalaki. Sa halip ay inilibot nito ang paningin sa kabuuan ng unit niya.

“Your place is not bad. You’ll get a pretty good sum out of this when you put this up for sale.”

“And who gave you the absurd idea that I would want to sell my place?”

“You won’t have any further use for this, anyway,” tila balewalang sagot nito.

Lalong nagsalubong ang mga kilay niya sa sinabi nito.

“Excuse me?”

“I came here to pick you up, Wife. You’re moving back to the ancestral house with me.”

“No, I’m not!”

“Yes, you are. You’re broke, Honey. We both know you’ll come to me eventually. Bakit pa natin patatagalin, hindi ba?”

“Damn you, Yasser. Mas gugustuhin ko pang mamulubi at mamalimos buong buhay ko kaysa makasama kang muli sa iisang bubong! You can’t make me do something against my will,” matigas na tanggi niya.

“Really, Kharrie? You wanna bet on that?” hayagang paghahamon nito.

Hindi siya agad na nakasagot doon. Isang tingin lang dito at alam na niyang seryoso ito.

She totally despised the thought but she just frustratingly knew she had lost this round to him.

4

Lihim na sinusundan ng tingin ni Yasser si Kharrie mula sa kanyang pinagkukublihan habang masaya itong nakikipaghuntahan sa yaya nito sa loob ng komedor.

Paalis na siya kanina para sa meeting nila ng arkitekto at kaibigang si Lessan upang pag-usapan ang tungkol sa pagpapatapos niya sa residential home na iniwan niya noon nang marinig niya ang tunog ng masiglang tawa ni Kharrie mula sa kabilang panig ng kabahayan. Ilang sandali pa ay natagpuan na lang niya ang sariling nagtatago sa likod ng china cabinet habang matamang pinag-aaralan ito.

She still had the same flawless porcelain-white skin, sexy body, succulent lips, pretty nose and big, round expressive eyes he remembered. Though she wore her hair short and had it dyed a bright reddish color, he knew it was still as soft as he remembered.

Bigla siyang natigilan nang may biglang pumasok na isang isipin sa kanyang utak.

Yasser used to tell her over and over how much he liked running his hands through her long hair.

Iyon ba ang dahilan kung bakit pinanatili na nitong maiksi iyon ngayon?

Sa lalim ng kanyang pag-iisip ay hindi niya napansing nakita na pala siya ni Yaya Elena kaya naman bahagya pa siyang nagulat nang marinig ang tinig nito.

“Yasser, Hijo. Kanina ka pa ba riyan? Halika’t sumabay ka na kay Kharrie sa pagkain,” makahulugan ang ngiting paanyaya ng matanda.

Tatanggihan na sana niya iyon dahil baka mahuli siya sa usapan nila ni Lessan. Lamang, nang sulyapan niya si Kharrie ay nakita niyang agad itong napasimangot nang makita siya. Alam niyang asar na asar pa rin ito sa kanya dahil sa ginawa niya kanina.

Pinuntahan niya kanina ang babae para pag-usapan ang tungkol sa financial arrangement sa pagitan nila. Sa katunayan ay handa na sana siyang makipagkompromiso rito kung kinakailangan.

Ngunit ang hindi niya napaghandaan ay ang makitang may kasama itong ibang lalaki.

Naikuyom niya ang mga palad nang maalala ang nadatnang eksena sa loob ng condo unit nito kanina.

Hindi naman siya normal na agresibong tao

pero habang nakikinig sa asawa niyang tinatawag ang nobyo nito kanina para samahan itong muli sa kama ay gusto niyang sunggaban ang lalaki at ihagis palabas ng pinto. Ibayong pagpipigil lamang ang ginawa niya para hindi iyon gawin. Isa pa'y alam niyang wala siyang karapatang sitahin si Kharrie sa ginagawa nito. Matagal na silang hiwalay at iyon ay dahil na rin sa sarili niyang kagagawan.

Ngunit hindi pa rin sapat ang dahilang iyon para hindi siya makaramdam ng pagseselos.

Sa magkahalong galit at selos ay agad na inutusan niya ang asawa na mag-empake at sumama sa kanya pabalik sa bahay. He blackmailed Kharrie with her financial situation to get what he wanted.

Atubili man ay wala itong nagawa kundi ang sumama sa kanya sa huli.

At magmula noong umalis sila sa condo unit nito hanggang ngayon ay wala pa siyang narinig ni isang salita mula rito patungkol sa kanya kaya naman naisip niyang lalo itong asarin.

Sa halip na tumanggi ay naglakad siya palapit sa kinaroroonan nito at kunwa'y aksidenteng sinagi ang braso ng asawa nang maupo siya sa tabi nito. Kung napansin man niya ang dagling paninigas nito

ay nagpatay-mali na lamang siya.

Mabilis namang kumuha ng isa pang plato si Yaya Elena para sa kanya at inilapag iyon sa harap niya.

“Welcome home, Kharrie,” kunwa’y bati niya.

Hindi ito sumagot. Tinaasan lang siya nito ng kilay at nagpatuloy sa pagkain. Inabot niya ang kanin at pasimpleng binanggang muli ang braso nito. Kung napansin man niya ang matalim na tinging itinapon nito sa gawi niya ay hindi niya iyon ipinahalata. Patay-maling naglagay siya ng kanin sa plato niya at inabot ang ulam pagkatapos. Pasimpleng muli niyang sinagi ang braso rito nang ibalik niya ang plato sa kinalalagyan bago nagsimulang kumain.

Isang nakakailang na katahimikan ang pumagitna sa kanila habang kumakain. Hindi na nila parehong napansin nang pasimpleng umalis si Yaya Elena para iwan silang dalawa.

Ipinagpatuloy ni Yasser ang pang-iinis dito. Mayamaya pa ay tila humulagpos na ang buong pasensya nito dahil malakas nitong ibinagsak nito ang hawak na mga kubyertos bago asar na bumaling sa kanya.

“Nananadya ka ba talaga, ha?” sita na tila hindi na nakapagpigil.

“Nananadya?” kunwa ay nagtatakang tanong niya.

“You’ve been doing it repeatedly!”

“Doing *what* repeatedly?”

“Puwede bang huwag ka nang magmaang-maangan diyan!”

“Ako? Nagmaang-maangan?”

Lalong nagsalubong ang mga kilay nito nang tingnan siya.

“Nag-o-audition kang maging loro?” sarkastikong anito.

Lihim siyang napangisi sa isinagot nito.

You never cease to amuse me, Wife.

“Bakit? Ano ba’ng ginagawa ko?”

“You’re touching me on purpose! And you irritatingly keep repeating what I say,” asar na sagot nito.

“Whoa. You’re accusing me of touching you? Aren’t we being conceited here?”

Hindi na niya ito narinig na sumagot. Malakas na itinulak nito ang upuan palayo at mabilis na tumayo.

Aalis na sana ito kung hindi lang niya ito napigilan sa isang braso.

“Bitiwan mo nga ako,” mariing utos nito.

Napailing siya. “Tsk tsk. A single touch was all it used to take, and you’d ignite and melt beneath my caress.”

Sa halip na bitiwan ito ay lalo pa niyang hinigpitan ang pagkakahawak dito. He traced small circular patterns on her skin with his thumb and heard her gasp before she tried to pull her arm away again. But he didn’t let go.

“F*ck off, Yasser,” she hissed.

“You have such a nasty mouth, Kharrie. Nasty, but intoxicatingly sweet and succulent. Which reminds me, the more you utter profanities, the more you become responsive and wanton in bed before.”

Hindi nakaligtas sa kanya ang agarang pagkalat ng pamumula sa mukha nito. Kung dahil sa hiya o galit ay hindi niya alam. At dahil hawak niya ang braso nito, hindi rin nakaligtas sa kanya ang bahagyang pagtayo ng balahibo nito. Itinaas ng babae ang bakanteng kamay para isampal sa kanya ngunit nahulaan niya ang balak nito kaya mabilis na hinuli niya ang pupulsuhan nito at malakas na hinila palapit

dahilan para bumagsak ito paupo sa kandungan niya.

“Bitiwan mo nga ako!” puno ng galit na sigaw nito. Sinubukan nitong magpumiglas pero hindi niya ito hinayaang makalayo.

Pigil ng isa niyang kamay ang dalawang kamay nito sa likod habang ang isa naman ay inilagay niya sa baba nito at hinawakan iyon para iharap ang mukha nito sa kanya.

Punung-puno ng galit ang mga mata ni Kharrie habang nakatingin sa kanya ngunit hindi na niya iyon gaanong binigyang-pansin. Pinaglakbay niya ang tingin sa kabuuan ng mukha ng asawa bago iyon huminto sa mga labi nito at pagkuwa’y muling umakyat pabalik sa mga mata nito.

And Yasser was stunned by what he saw in them. Her eyes suddenly turned from angry to bewildered to something else in just a heartbeat. He knew it was a silly notion but he thought she looked at him like how she used to before. Almost as if the last two years hadn’t passed.

Nang wala sa loob na kinagat ni Kharrie ang pang-ibabang labi ay kusang naglakbay pababa ang mga mata niya at tumigil doon.

Yasser appeared to have lost all the ability to think

rationally. He just gave in to the longing, lowered his head down and pressed his lips on hers.

He could tell she was surprised. She stopped moving completely and just stiffened under his unexpected assault. Hell, he was stunned himself. The longing he felt seemed too much and he just gave in to the feeling, completely and utterly lost.

Nang maramdaman niya mayamaya ang pagtugon nito ay awtomatikong ipinaikot niya ang isang braso sa baywang ni Kharrie para hilahin ito palapit habang ang isang kamay ay umakyat sa batok nito bago niya nilaliman ang halik.

Nang bitiwang niya ang mga kamay nito ay naramdaman niyang dahan-dahang umakyat ang mga iyon at pumaikot sa kanyang leeg na lalong nagbigay sa kanya ng lakas ng loob na ipagpatuloy ang ginagawa.

Bumaba ang mga labi niya sa leeg nito habang ang isang kamay ay naglakbay sa kabuuan ng likod nito. Nang maramdaman ng babae ang pagkakatanggal ng bra ay noon lang tila rumehistro rito ang nangyayari. Mabilis itong tumulak palayo sa kanya at nagmamadaling tumayo.

Isang nakakailang at tahimik na sandali ang pumagitna sa kanila habang maang na nakatitig sila sa isa't isa at habol ang kanilang mga hininga. Her eyes were wide and confused while he knew his radiated passion and desire.

“Señorito, may—”

Napahinto mula sa pagsasalita ang kasambahay nang magkapanabay silang lumingon nang marahas sa gawi nito. Pareho silang nagulat sa biglaang pagdating ng katulong na dagling bumasag sa nakakailang na sandaling iyon. Hindi niya alam kung dapat ba niyang ikatuwa o ikadismaya iyon.

“What is it?”

“Ah, eh... Tumawag po si Sir Lessan, Señorito. May usapan daw ho kayong magkikita ngayon. Naroon na raw ho siya sa site at pinapasabi niyang sumunod daw ho kayo agad.”

Lessan. The site. I almost forgot. Damn.

Matapos magpasalamat sa kasambahay ay mabilis na itong tumalilis palayo at naiwan silang muli ni Kharrie na tahimik na nakikiramdam sa isa't isa.

Nagpasya siyang basagin na ang nakakailang

Estranged Husband - Andrea Olivares

na katahimikan makalipas ang ilan pang sandali at pagkuwa ay tumikhim bago nagsabing, “Lunch with you was quite interesting. Guess I’ll see you around, Kharrie.”

Matapos sabihin iyon ay tumalikod na siya at tuluy-tuloy nang lumabas ng komedor.